KAYO AY MAGIGING *mga* SAKSI KO

A Campaign for the
DIOCESE OF ROCKFORD

LAHAT: Ama naming nasa langit, batid naming kami ay pawang mga katiwala lamang ng lahat ng iyong kaloob – ang aming buhay, talento at yaman. Nagpapasalamat kami sa mga taong naging iyong instrumento sa pagpapalaganap at pagpapayabong ng pananampalatayang Katoliko sa buong diyosesis at sa mga taong naging aming inspirasyon sa pangangasiwa ng iyong mga kaloob. Buksan mo ang aming mga puso na mangarap para sa mas malawak na adhikain at patatagin mo ang aming kalooban upang kami ay huwag matakot at panghinaan. Buksan mo ang aming isipan upang kumalinga rin kami sa mga taong di pa rin nabibilang sa aming komunidad. Hayaan mong magamit namin ang iyong mga kaloob upang maging matagumpay ang Capital Campaign na ito. At kami ay naniniwala na ito rin naman ang iyong kalooban. Sa wakas, tulungan mo kaming magtiwala at maniwala na lagi mong ibibigay ang lahat ng aming mga pangangailangan gaya ng iyong ipinangako sa pamamagitan ng iyong Anak, si Hesukristo na aming Panginoon.

NAMUMUNO: Habang patuloy mong binabago ang lahat para Kristo, ipagkaloob mo sa lahat ng nasasakupan ng diyosesis ang paglukob ng Banal na Espiritu. Nawa ang mga mananampalataya ng bawat parokya ay magkaisa ng puso at diwa sa pagtupad ng aming adhikain ayon sa iyong kalooban. Hinihiling naming ito sa pamamagitan ni Kristo na aming Panginoon.

Lahat: Amen.
Namumuno: Ina na ipinaglihing walang bahid ng kasalanan,
Lahat: Ipanalangin mo kami.

Nihil Obstat: Rev. Ryan B. Browning, S.T.L.; Censor Librorum, January 6, 2025
Imprimatur: + David J. Malloy, D.D., J.C.L., S.T.D.; Bishop of Rockford, Illinois; January 9, 2025